

PATNUBAY SA MISA

22 Hulyo 2018


Ika-16 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon B

Mga Kasangkapan ng Mapagpastol na Pagmamahal ng Diyos

Si Hesus ang perpektong modelo ng mabuting pastol na tuwinang naghahangad ng kabutihan ng kanyang kawan. Lahat ng kanyang atensyon, panahon at kakayahan ay nakalaan sa kanilang kapakanan. Puspos ng habag at pang-unawa sa kanilang pangangailangan, pinaglalaanan niya sila ng kanyang kalinga at kanyang salita nang higit sa sarili niyang pangangailangan.

Di dapat mapalayo sa gayon ang mga pastol ng Simbahan at lahat ng may tungkuling mangalaga sa kanilang kapwa. Hinirang na tumupad sa tungkulin ng Dakilang Pastol, sila ay inaasahang tumulad sa Panginoon, sa pagsisikap na mapaglaban ang kanilang mga kahinaan at pagkukulang at sa gayo'y itaguyod ang kapakanan ng mga taong inihablin sa kanila. Sa Misang ito, alalahanin natin sila sa isang natatanging paraan.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa akin ay tumutulong ang Diyos na Panginoon. Sa kanya ko iuukol ang alay ko na hahantong sa ngalan n'yang nagtatanggol.

Pagbati

P–Pagpalain si Hesus, ang maha-baging pastol na nagbuwis ng kanyang buhay para sa kanyang mga tupa. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!
B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Natitipon dito bilang mag-anak ng Diyos, tanungin natin ang ating sari-sarili kung tayo ay nakalaan sa paglilingkod na tulad ng nais ng Panginoon. (*Manahimik saglit.*)

P–Panginoong Hesus, ikaw ang Lingkod ng Ama at ng sang-katauhan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, ibinigay mo ang iyong buhay para sa kaligtasan ng lahat. Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, nais mong ang iyong mga disipulo ay maging lingkod ng lahat. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos

Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, kalugdan mo kami at pagbigyan na magkamit ng kaloob mong karagdagan upang sa maalab naming pananalig, pag-asa at pag-ibig kami'y mamalaging tumatalima sa iyong kautusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Jer 23:1-6

Sa maraming siglo, humirang ang Panginoon ng ilang tao para sa pagpapastol sa Kanyang bayan. Ngunit malimit na ang mga ito'y "nagpastol" muna sa sarili sa halip ng sa kanilang kawan. Ganito ang reaksiyon ng Panginoon sa kanilang masamang asal.

L— Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

Parurusahan ng Panginoon ang mga namumunong walang malasakit sa kanilang mga nasasakupan at pinababayaang ang mga ito'y mangalat at mamatay. Ito ang sabi ng Panginoon, ang Diyos ng Israel, tungkol sa mga tagapanguna ng kanyang bayan: "Pinapangalat ninyo at pinabayaan ang aking kawan. Hindi ninyo sila binantayan kaya't kayo'y parurusahan ko dahil sa inyong ginawang ito.

Ako na ang magtitipon sa nalabi sa aking mga tupa mula sa lahat ng lupaing pinagtapunan ko sa kanila. Ibabalik ko sila sa kanilang tinubuang lupa, at sila'y muling darami. Hihirang ako ng mga pastol na magmamalasaakit at mangangalaga sa kanila. Hindi na sila muli pang daranas ng takot at agam-agam, at wala nang malligaw kahit isa. Akong Panginoon ang may sabi nito."

"Nalalapit na ang araw," sabi ng Panginoon, "na pasisibulin ko mula sa lahi ni David ang isang sangang matuwid, isang hari na buong karunungan maghahari. Pairsalin niya sa buong lupain ang batas at katarungan. Magiging matiwasay ang Juda sa panahon ng kanyang pamamahala, at ang Israel ay mapayapang mamumuhay. Ito ang pangalang itatawag sa kanya: 'Ang Panginoon ay Matuwid.'"

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 22

B—Pastol ko'y Panginoong D'yos, hindi ako magdarahop!

R. M. Velez



Pastol ko'y Pa-ngi-no-ong D'yos, hin-



di a-ko mag-da-ra-hop!

* Panginoon'y aking Pastol, hindi ako magkukulang. Ako'y pinahihimlay sa mainam na pastulan, at inaakay niya ako sa tahimik na batisan, binibigyan niya ako niyong bagong kalakasan. B.

* At sang-ayon sa pangako na kanyang binitiwang, sa matuwid na landasi'y doon ako inaakay. Kahit na ang daang iyo'y tumatahak sa karimlan, hindi ako matatakot pagkat ika'y kaagapay; ang tungkod mo at pamalo ang gabay ko at sanggalang. B.

* Sa harapan ng lingkod mo, ikaw ay may handang dulang, ito'y iyong ginagawang nakikita ng kaaway; nalulugod ka sa akin na ulo ko ay langisan at pati na ang kalis ko ay iyong pinaapaw. B.

* Tunay na ang pag-ibig mo at ang iyong kabutihan, sasaaki't tataglayin habang ako'y nabubuhay; doon ako sa templo mo lalagi at mananahan. B.

Ikalawang Pagbasa Ef 2:13-18

Ipinakikilala ni San Pablo si Hesus bilang siyang dakilang "Tagapamayapa" at siyang nagbuklod sa mga Judio at pagano sa bagong bayan ng Diyos.

L— Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

Mga kapatid:

Ngayon, dahil sa inyong pakikipag-isa kay Kristo Hesus, kayong dating nasa malayo ay nailapit sa pamamagitan ng kanyang kamatayan.

Pinagkasundo niya tayo. Kaming mga Judio at kayong mga Hentil ay kanyang pinag-isa. Sa pamamagitan ng kanyang katawan, pinawi niya ang alitan na parang pader na naghihiwalay sa atin. Pinawalang bisa niya ang Kautusang pawang mga utos at tuntunin upang pag-isahin sa kanya ang dalawang bayan at maghari ang kapayapaan. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus, winakasan niya ang alitan ng dalawang bayan, kapwa pinapanumbalik sa Diyos at pinagbuklod sa iisang katawan. Naparito si Kristo at ipinangaral sa lahat ang Mabuting Balita ng kapayapaan — sa inyong mga Hentil na malayo sa Diyos, at sa mga Judio na malapit sa kanya. Dahil kay Kristo, tayo'y kapwa makalalapit sa Ama sa pamamagitan ng Espiritu.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya

Jn 10:27

B—Aleluya! Aleluya!

Ang tinig ko'y pakikinggan ng kabilang sa 'king kawan, ako'y kanilang susundan. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mc 6:30-34

Ang malasakit ni Hesus sa kapakanan ng kanyang mga disipulo at sa dami ng taong nagsadyang makinig sa kanya ay nagpapatunay kung gaano siyang magmahal. Ang kanyang mapagpastol na pagmamahal ay isang maningning na halimbawa para sa ating lahat.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, bumalik kay Hesus ang mga apostol at iniulat ang lahat ng kanilang naisagawa at naituro.

Napakaraming taong dumarating at umaalis, anupa't hindi na makuhanang kumain ni Hesus at ng kanyang mga alagad. Kaya't sinabi niya sa mga ito, "Magtungo kayo sa isang ilang na pook upang malayo sa karamihan at makapagpahinga kayo nang kaunti." Umalis silang lulan ng bangka, at nagpunta nga sa isang ilang na dako.

Ngunit maraming nakakita sa kanilang pag-alis at nakilala sila. Kaya't mula sa lahat ng bayan, ang mga tao'y patakabong tumungo sa dakong pupuntahan nina Hesus at nauna pang dumating doon kaysa kanila. Paglunsad ni Hesus, nakita niya ang napakaraming tao; nahabag siya sa kanila sapagkat para silang mga tupang walang pastol. At sila'y tinuruan niya ng maraming bagay.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinag-

pakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katoliko, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Lahat tayo’y kabilang sa kawan ni Kristo, at ilan sa atin ay kabahagi sa kanyang pamumuno. Ipanalangin natin ang lahat ng nahirang magpastol sa kanilang mga kapatid.

B–Hesus, aming Mabuting Pastol, dinggin mo kami!

* Para sa mga pinuno ng Simbahan: Nawa lagi silang maging tapat sa kanilang tungkuling itaguyod ang kapakanang espirituwal ng mga mananampalataya. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating mga pinunong pambayan: Nawa sila’y maging tapat at di-makasarili sa pagtupad sa kanilang tungkuling magtaguyod ng katarungan at kapayapaan sa bayan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng magulang, guro, at mga nanunungkulan: Bigyang-pansin nawa nila ang pangangailangan ng kanilang mga anak, estudyante, at mga pinamumunuan bilang mga kinatawan ng Diyos, ang Dakilang Pastol ng lahat. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga doktor, mga *social worker*, at lahat ng may pananagutan sa kapakanan ng kabataan, mahihina, at mga nangangailangan sa lipunan: Nawa magsumikap sila sa pagtupad sa kanilang tungkulin. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga maysakit at nasa bingit ng kamatayan: Nawa

makatagpo sila sa mga pari, doktor, nars, at kamag-anak ng tunay na pagmamahal ng Dakilang Mabuting Pastol. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil saglit.*) Manalangin tayo! **B.**

P –Panginoon, lingapin mo ng iyong pagmamahal ang mga pastol ng Simbahan, lalo na ng aming pamayanan. Pagpalain mo ang kanilang mga pagsisikap. Palakas mo sila at gawin silang mapagbigay habang nagsisikap silang tumulad kay Hesus, ang ating mapagmahal na Mabuting Pastol na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B–Amen!



P–Manalangin kayo . . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, lahat ng iyong mga paghahaing ipinagutos noong araw ay iyong pinagtibay sa isang haing hantungan ng tanan. Tanggapin ang ginaganap ngayon ng iyong mga lingkod at basbasan mo ito ng kabanalang gaya ng iyong kaloob sa mga alay ni Abel na lubha mong ikinalugod upang ang mga handog ng bawat isang nagbigay para sambahin ang banal mong ngalan ay magkamit ng karagdagan mong kasiyahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

Prepasyo VII

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging

di na iba sa amin bagama’t di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Nilooob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami’y tungbahan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha’t ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B–Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B–Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. **B**– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Ngayon ay ginugunita, Poo’y mahabaging lubha. Sumasamba’y sasagana sa pagkain niyang handa sa magsabing s’ya’y dakila.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, manatili kang kapiling ng iyong sambayanan na ngayo’y pinapakinabang mo sa iyong sariling buhay at gawin mong kami’y pasulong na makahakbang mula sa dati naming pagkamakasalanan, patungo sa pagbabagong nagdudulot ng iyong kabutihan, sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B –Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos.
(*Manahimik saglit.*)

Nawa gabayan kayo ng Mabuting Pastol tungo sa kanya, at turuan kayong manunton sa kawanggawa at kapayapaan.

B –Amen!

P–Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B –Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan para mangalaga sa isa’t isa gaya ng turo ni Hesus.

B –Salamat sa Diyos!



LAGING NAKALAANG MAGLINGKOD SA LAHAT

Pagud na pagod na si Hesus at ilan sa kanyang mga disipulo pagkatapos ng ilang linggong pangangaral, pagpapagaling sa mga maysakit, pagpapaalis sa masasamang espiritu... (*Sangguniin Mc 6:12...*) Hindi man nila makuhang kumain nang di nagagambala! (*Sangguniin Mc 6:31.*) Kailangang-kailangan nilang magpahinga. At hangad ni Hesus na sabay-sabay silang magpahingang saglit.

Sinubok nilang tumawid sa lawa. Ipinugal nila ang kanilang bangka sa isang liblib na lugar, ngunit nasundan din sila ng mga taong tila walang habag. Di pa man halos napipirmi sa inakala nilang “liblib na lugar,” naunahan pa sila ng ilan sa mga libu-libong taong “parang mga tupang walang pastol.” (*Sangguniin Mc 6:34.*)

Di nag-atubili ang pagod na si Hesus na ipagpaliban ang kanilang pagpapahinga at nagpatuloy nang mangaral ng Salita ng Diyos sa mga pusong sabik. Dumating na nga ang “Mabuting Pastol” na ipinangako ng Diyos sa pamamagitan ng propetang si Ezekiel. (*Sangguniin ang Unang Pagbasa.*)

Ang pagtugon ni Hesus sa mga taong naghahanap sa kanya ay isang malinaw na aral para sa kanyang mga alagad. Di magtatagal, sila man ay mahaharap sa kahawig na sitwasyon, at sila’y mahahamang tumugong gaya ni Hesus.

Isa ring malinaw na aral ito para sa atin, ano man ang katungkulan natin sa Simbahan: kung tayo man ay mga pinuno o mga “karaniwang Kristiyano.” Ang pagkauhaw sa Salita ng Diyos ngayon ng milyun-milyong tao ay gayon na lamang at walang mananampalataya ang mag-aakalang “Hindi ko naman ito pananagutan!” o “Tama na ang nagawa

ko. Kailangan ko naman ngayong magpahinga!”


Ang pagpapahinga at pagkain ay tunay na mga pangunahing pangangailangan. Ang pagtugon dito ay kailangang kundisyon para tayo’y maging mabisa sa ating kapangakuang apostolado. Gayunman, ang halimbawa ni Hesus ay sukat makapagpaalaala sa ating ang mga ito ay di dapat ipagpalagay na mga matibay na karapatang ipinagtatanggol natin ano man ang mangyari at laban kaninuman. *Isa lamang ang karapatang kinikilala ng tunay na pagmamahal: mag-ubos ng lakas alang-alang sa kapwa.*

Di sapat na mag-ukol ng panahon sa pangangaral o sa iba pang dating anyo ng apostolado. Ang mahalaga’y pagiging *lubos na nakalaang tumugon sa pangangailangan ng kapwa.* Mga magulang na nagbantay magdamag sa isang anak na maysakit... isang doktor na palipat-lipat sa mga pasyente sa pagtugon sa tawag ng tungkulin nang di alintana ang oras... ang paring sa Linggo ng gabi’y bagsak sa kanyang matigas na higaan dahil sa pagod pagkatapos ng 14 na oras ng apostoladong paglilingkod... lahat ng ito ay magagandang halimbawa ng pagtatalaga sa tawag ng pagmamahal.

Ang gayong asal ay bihirang pag-ukulan ng isang *Press o TV coverage.* Ngunit ito ang ikinabubuhay ng mundo. Ikinalulugod ito ng Diyos. Lahat ng ganitong mga gawaing di-makasarili ay mga paalaala at pagpapatunay sa halimbawa ng mahabaging si Kristong bagamat “hindi naghahangad ng sariling kasiyahan” (*Ro 15:3*) ay nagbuwis ng kanyang buhay para sa lahat.

Tuklasin ang landas ng Kabanalan... basahin at pagnilayan ang mga paraan patungo sa kabanalan.

Ang



ay naglalaman din ng mga sumusunod:

- * Pinalawak na *Subject Index*
- * Mga Piling Sipi hango sa *Gaudete et Exsultate*
- * Mga Pamamaraang Iminumungkahi
- * Kalipunan ng mga pagpapakahulugan ni Papa Francisco sa kabanalan
- * Landas ng Pagpapakabalan ng mga Pilipino... at iba pa!



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • **Telefax:** 894-5241 • **Website:** www.wordandlife.org

• **E-mail:** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • **FB:** Word & Life Publications

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguiso

• **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Marketing:** Fr. B. Nolasco and T. Mojica • **Circulation:** R. Saldua